

## SANAYSAY NG TAON 2020

1. Ang **Sanaysay ng Taon** ay taunang timpalak ng KWF na naglalayong himukin ang mga natatanging mananaysay ng bansa na ilahok ang kanilang mga akda.
2. Bukás ang timpalak sa lahat, maliban sa mga kawani ng KWF at kanilang kaanak.
3. **Ang paksa ng sanaysay ay pagtalakay sa saliksik hinggil sa kahalagahan at tungkulin ng wika sa paghubog ng kasaysayan ng Filipinas at kulturang Filipino.**
4. Kailangang nasa wikang Filipino ang lahok, orihinal, hindi pa nailalathala, at hindi rin salin mula sa ibang wika. Marapat na hindi ito magkukulang sa 15 pahina at hindi rin sosobra sa 30 pahina.
5. Bilang saliksik, kailangang sumusunod ang paraan ng pagsulat nito sa mga tuntuning nakasaad sa KWF Manwal sa Masinop na Pagsulat.
6. Ang mga kailangang isumite ng kalahok ay ang sumusunod:
  - apat (4) na kopyang makinilyado o kompiyuterisado ng lahok (Font-12, Arial), may dobleng espasyo, at may isang pulgadang palugit sa bawat gilid na nakaimprenta sa short bond paper na may laking 8 ½ x 11 pulgada.
  - Kinakailangang magtataglay lámang ng sagisag-panulat (pen name) ang ipinadalang entri at walang kahit anong pahiwatig ng tunay na pangalan ng kalahok.
  - Notaryo na nagpapatunay na orihinal ang lahok
  - entri form (maaaring i-download [dito](#))
  - Curriculum vitae at/o bionote ng kalahok
  - 2x2 retrato ng kalahok
7. Ang lahok ay maaaring dalhin nang personal o ipadala sa koreo sa:

**Lupon sa Sanaysay ng Taon 2020**  
**Komisyon sa Wikang Filipino**  
**2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel**  
**San Miguel, Maynila**

8. Ang hulíng araw ng pagsusumite ng lahok ay sa **31 ENERO 2020, 5nh**. Hindi na mauurong ang araw ng pagsusumite.
9. Magpapadala ang KWF ng mensahe (text) kung natanggap na ang lahok. Kalakip din nito ang gagamiting entri code at link ng online form para sa registry ng mga kalahok. Bukas ang online registry hanggang **6 PEBRERO 2020, 5nh lamang**.
10. Ang mga gantimpala ay ang sumusunod:

Unang gantimpala: P30,000.00 at karangalang maging “Mananaysay ng Taon”, medalya, at plake;  
Pangalawang gantimpala: P20,000.00 at sertipiko  
Pangatlong gantimpala: P15,000.00 at sertipiko
11. Ang pasiya ng Lupon ng Inampalan ay pinal at hindi na mababago.
12. Hindi patatawarin ang sinumang mahuhuli nagplahiyo. Kakanselahin ng KWF ang ipinagwaging lahok at hindi na muling makasasali pa sa alinmang timpalak ng KWF.
13. Para sa karagdagang detalye, tumawag sa telepono blg. (632) 736-2519 o mag-email sa [kwf.timpalak@gmail.com](mailto:kwf.timpalak@gmail.com).